Concerned Artists of the Philippines

# SA ALAALA NI KASAMANG DOREEN FERNANDEZ: MENSAHE NG CONCERNED ARTISTS OF THE PHILIPPINES (CAP)

Kritika Kultura, http://www.ateneo.edu/kritikakultura/

Yumao ka sa ibang bansa, at ni hindi namin nasilayan ang iyong katawan. Abo ka nang iuwi sa bayang minahal, sa bayang pinag-alayan ng iyong makabuluhang panahon, talino at paninindigan.

Abot-abot ang papuri sa iyong mga sinaliksik, sinulat, sinuri, ginampanan. Nagpugay ang balana dahil ikaw ay mangingibig ng mabuting pamumuhay, mabuting pagkain, mabuting sining.

Bayaang umabot sa iyo, Kasamang Doreen, ang pahimakas na ito, at ihatid ka sa dambana ng ating mabubuting bayani. Ang "atin" ay ang mga hindi mo kauri-sa-pagsilang ngunit sinikap mong makaniig sa kinalaunan. Ang "atin" ay ang masang inari mong kasama sa tunggalian ng tama at mali, ng katotohanan at kasinungalingan, ng katarungan at kawalang-katarungan, ng rebolusyon at reaksyon.

Nakakintal sa aming kamalayan ang kamalayan mong uhaw na matuto. Ano ba ang imperyalismo, ang pyudalismo, ang brurukratang kapitalismo… Mga bagitong mag-aaral tayo noon ng abakada – abakada ng pang-aapi at pagsasamantala ng tao sa tao.

Di namin malilimutan ang iyong mabini ngunit laging naroong-ngiti sa mga panahong abala ka at ang ilan pang kasama sa Palihang Aurelio Tolentino. Mga kabataang mandudula ang ninais ninyong sanayin sa tradisyon ng sedisyosong tanghalan.

At nang ipataw ang batas militar, lalo ka pang naging matatag. Lalo mong ibinukas ang iyong tahanan, rekurso at kakayahan para sa kilusang mapagpalaya. Hindi ka nangiming makiisa sa libong pagpupunyagi ng mga mandirigma sa lunsod at parang. Kumilos ka nang

hayag sa panahong naglipana ang panganib. Kumilos ka nang lihim sa panahong nakaamba ang kamatayan.

Kasama ka naming nagluksa sa pagpanaw ng mga kasama. Kasama ka naming nag-aruga sa mga nadakip. Kasama ka naming nagpiging sa mga mumunting tagumpay, gaya ng paglabas ng ating mga mga lihim na publikasyon, ng ating mga iglap na pagtatanghal, ng ating mapanlikhang senakulo sa Luneta habang nakamasid ang sensura at nakamulaga ang mga sundalo ng pasismo.

Darating din ang panahong maihahayag ang kabuuan ng iyong kabayanihan at paglilingkod sa sambayanan, Kasama.

Samantala, sa iyong alaala ay aming pinagtitibay ang kapasyahang isulong ang simulaing pinagsamahan nata. Walang pinakamainam na parangal sa gaya mo kundi ang kamtin ang tagumpay.

9 Hulyo 2002